Magasin ng mga mainit pang impormasyon sa Fukushima

# Heartful Fukushima

Hiwalay na pahayagan

**Fukushima Disaster Volunteer Center Newsletter**

**Ikatlong Bulto** **Isyu noong Ika-9 ng Mayo, 2011**

Ukol sa Impormasyong Magasin na ito

Ang impormasyong magasin na ito ay para maipaalam sa lahat ang puwedeng makatulong agad na impormasyon,mga aktibidades ng mga boluntaryong sumusuporta sa mga biktima ng kalamidad at nasalantang lugar. Ipinamimigay ito sa Disaster Volunteer Center sa loob ng Prepektura. (Isang beses sa isang lingo inilalabas)
Pakibigay lamang po nang mga komento o opinyon sa mga sumusunod.

Tagalathala:Fukushima Prefecture Council of Social Welfare
Fukushima Disaster Volunteer Center
111 Watari Aza Nanashamiya, Fukushima City 960-8141
Fukushima General Social Welfare Center, 1F
**Tel: 024-522-6540** Fax: 024-523-4477
**http://www.pref-f-svc.org**

Ulat Tungkol sa Boluntaryo

Boluntaryo sa「Bahay-Paalagaan ng Mga Bata sa Templo」”Heisei no Terakoya”, Kashima-ku, Lungsod ng Minamisoma

## Magsaya tayo nang lubos!







Ms. Toyoda (Sa kaliwa)

Noong ika-28 ng Abril, dumalaw ang mga estudyanteng mula sa Gunma Prefecture at nagdala sila ng mga regalo - banderang hugis karpa para sa bawa't bata. Lahat ng mga bata ay tuwang-tuwa.

Bago pa man buksan ang pinto, maririnig na ang kawili-wiling tawanan at masiglang yabag ng mga bata. Dito sa loob ng malawak na bulwagan ng templo ay may mga boluntaryong nag-aalaga sa mga dalawampung batang may 3 hanggang 12 taong gulang magmula 8:30 ng umaga hanggang 5:30 ng hapon tuwing Lunes hanggang Biyernes. Dahil sa pansamantalang pagkasarado ng karamihan ng bahay-alagaan ng mga bata at sa lumalaking pangangailangan sa mga ito ng mga nagsisipagtrabahong mga magulang, ang Disaster Volunteer Center ng Kashima-ku ay nagsimulang maghanap ng lugar para sa bagong paalagaan ng mga bata Ang ganitong pagsisikap ay malugod na tinanggap. ng pinunong pari ng Templo ng Joenji na nagwikang "Ang templo ay para sa mga ganitong layunin". Noong ika-8 ng Abril, namigay ng mga polyeto at pagkaraan ng tatlong araw, nagsimula na ang pagpapatakbo ng bahay-paalagaan sa templo. (Abril 22, 2011 Templo ng Joenji)

Pagkilala ng mga Disaster Volunteer Center ng mga iba't ibang Lunsod

### ㉜ Ang Disaster Volunteer Center ng Lunsod ng Iwaki

Ang Disaster Volunteer Center ng Lunsod ng Iwaki ay naitalaga noong ika-16 ng Marso sa loob ng Konseho ng Kapakanang Panglipunan ng Lunsod ng Iwaki. Ang center na ito ay resulta ng kooperasyon sa pagitan ng Lunsod ng Iwaki, Konseho ng Kapakanang Panglipunan ng Lunsod ng Iwaki at Iwaki Boluntaryong Pangkalamidad. Si Nobuko Kawaguchi, ang pangkalahatang director ng Konseho ng Kapakanang Panglipunan ng Lunsod ng Iwaki ay ang itinalagang tagapamahala ng tanggapan. Ang pinakamahalagang layunin ng center ay ang: 1) pagbibigay ng pang-kabuhayang suporta sa evacuation centers, 2) paglilinis at pag-oorganisa ng mga naapektuhan lugar at gusali, at 3) pagtulong sa pamamahala ng Tanggapan ng Disaster Volunteer Center. Sa kasalukuyan, may 7,616 na nakarehistrong Boluntaryo, at 6,895 dito ang nakadespatsa sa iba' t ibang boluntaryong proyekto. (Abril 27, 2011) Malaking bilang ang lumalahok sa layuning ito. Ang center ay bukas mula alas 9:00 ng umaga hanggang alas 3:00 ng hapon araw-araw kabilang araw ng Sabado, Lingo at araw na walang pasok.



#### Mr. Yoshiaki Ogi


Ako at si Ms. Ikeda ay itinalagang bagong opisyal ng Konseho ng Kapakanang Panlipunan ng Lunsod ng Iwaki noong ika-1 ng Abril. Ikinagagalak ko na gampanan ang aking bagong tnugkulin. Sa kasalukuyan, ako ay gumaganap bilang staff ng pampublikong relasyon sa Disaster Volunteer Center ng Lunsod ng Iwaki at nakatalaga sa pagtutugma at paglalaan ng mga Boluntaryo. Mangyari laman na ipagbigay-alam sa amin kung kinakailangan ninyo ng paglilinis sa bahay, paglipat ng kasangkapan, pagtangal ng mga basura, o iba pang kahilingan ninyo.

#### Ms. Kiyomi Takeda

Ako ay nakatalaga sa pagrerehistro ng mga maaaring boluntaryo sa Disaster Volunteer Center ng Lunsod ng Iwaki. Ikinagagalak kong Makita na parami ng parami ang nais sumali. Mayroon din kaming maikling-panahon na programang boluntaryo at iba' t ibang gawaing pang-suporta para matulugan ang mga boluntaryo. Mangyari lamang na huwag mag-atubiling makipag-ugnayan sa amin para sa karagdagang impormasyon.

**Disaster Volunteer Center ng mga bayan MAPA**

Matatagpuan sa 32 lokasyon mula ika-2 ng Mayo.




## ★ Fukushima Disaster Volunteer Center ……Tel: 024-522-6540

| | | |
|---|---|---|
| Hilagang parte ng perepaktura | ❶ | Fukushima City Disaster Volunteer Center |
| | ❷ | Nihonmatsu City Disaster Volunteer Center |
| | ❸ | Tate City Disaster Volunteer Center |
| | ❹ | Motomiya City Disaster Volunteer Center |
| | ❺ | Kori Town Disaster Volunteer Center |
| | ❻ | Kunimi Town Disaster Volunteer Center |
| | ❼ | Otama Village Disaster Volunteer Center |
| Gitnang parte ng perepaktura | ❽ | Koriyama City Disaster Volunteer Center |
| Gitnang parte ng perepaktura | ❾ | Odagaisama Center (Volunteer Center para sa Pangkabuhayang-Suporta sa Big Palette) |
| | ❿ | Sukagawa City Disaster Volunteer Center |
| | ⓫ | Tamura City Disaster Volunteer Center |
| | ⓬ | Kagami-ishi Town Disaster Volunteer Center |
| | ⓭ | Tamakawa Village Disaster Volunteer Center |
| | ⓮ | Hirata Village Disaster Volunteer Center |
| | ⓯ | Ono Town Disaster Volunteer Center |
| Timog na parte ng perepaktura | ⓰ | Shirakawa City Disaster Volunteer Center |
| Timog na parte ng perepaktura | ⓱ | Nishigo Village Disaster Volunteer Center |
| | ⓲ | Yabuki Town Disaster Volunteer Center |
| Aizu | ⓳ | Aizu-Wakamatsu City Disaster Volunteer Center |
| | ⓴ | Kitakata City Disaster Volunteer Center |
| | ㉑ | Kita-Aizu Town Disaster Volunteer Center |
| | ㉒ | Bandai Town Disaster Volunteer Center |
| | ㉓ | Inawashiro Town Disaster Volunteer Center |
| | ㉔ | Aizu-Bange Town Disaster Volunteer Center |
| Aizu | ㉕ | Showa Village Disaster Volunteer Center |
| | ㉖ | Aizu-Misato Town Disaster Volunteer Center |
| Timog-Aizu | ㉗ | Shimogo Town Disaster Volunteer Center |
| Sousou | ㉘ | Shinchi Town Disaster Volunteer Center |
| | ㉙ | Soma City Disaster Volunteer Center |
| | ㉚ | Minami-Soma City Disaster Volunteer Center(Kashima Ward) |
| | ㉛ | Minami-Soma Disaster Volunteer Center (Hara-machi Ward) |
| Iwaki | ㉜ | Disaster Volunteer Center ng Lunsod ng Iwaki |